

Babalik ang mga mag-aaral sa in-person na pag-aaral sa Enero 10

Enero 5, 2022

Upang suportahan ang kanilang pangkalahatang kagalingan, ang mga Serbisyo sa Maagang Pagkabata [Early Childhood Services] hanggang sa mga mag-aaral sa Baitang 12 ay babalik sa mga silid-aralan sa Enero 10 na may mga hakbang na nasa lugar upang magpatuloy sa pag-aaral nang ligtas. Ang isang bagong kagamitan upang matugunan ang pagkagambala sa pag-aaral para sa mga baitang 4-9 na mag-aaral ay ipakikilala din.

Babalik ang mga mag-aaral sa in-person na pag-aaral na may karagdagang kaligtasan ng pagkuha sa mga mabilis na pagsusuri [rapid test] at mga medikal na kalidad na maskara na ipapamahagi sa mga paaralan bilang karagdagang patong ng proteksyon laban sa Omicron na variant ng COVID-19.

Ang mga pagpapadala ng mga mabilis na pagsusuri [rapid test] at mga maskara ay magsisimula ngayong linggo at ang lahat ng mga paaralan ay magkakaroon ng kanilang mga paunang pagpapadala sa katapusan ng susunod na linggo. Ang pamamahagi sa mga mag-aaral at kawani ay magaganap habang tinatanggap ng mga indibidwal na paaralan ang kanilang mga panustos. Ang parehong mga mabilis na pagsusuri [rapid test] at mga maskara ay ipapadala nang mga yugto.

Ang mga mahahalagang hakbang sa kalusugan na nakalagay na sa lugar ay patuloy na poprotektahan ang mga mag-aaral sa mga silid-aralan. Kabilang dito ang mga kinakailangan para sa pagmamaskara, pisikal na pagdidistansya, pagpapangkat, pinahusay na pagdidisimpekta at mga kasanayan sa kalinisan, ang pagkakaroon ng mga pagbabakuna para sa lahat ng limang taong gulang at mas matanda, at paghihikayat sa mga awtoridad ng paaralan na magkaroon ng mga patakaran ng patunay sa pagbabakuna para sa mga nasa hustong gulang.

Ang bagong kagamitan upang matugunan ang pagkagambala sa pag-aaral

Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng mga suporta para sa ligtas na in-person na pag-aaral, sa susunod na linggo ang mga mag-aaral sa baitang 4 hanggang 9 at ang kanilang mga

magulang ay makakakita ng mga libreng mapagkukunan sa online na pagtuturo, sa pamamagitan ng e-Tutoring Hub, upang makahabol sa mga mahahalagang kasanayan at pag-aaral na ang mga mag-aaral ay maaaring nahuli dahil sa pandemya. Ang bagong mapagkukunang ito ay bubuo sa pamumuhunan ng pamahalaan na [hanggang \\$45 milyon](#) para tugunan ang mga pagkagambala sa pag-aaral na nauugnay sa COVID-19 para sa mga mag-aaral sa baitang 1 hanggang 3.

Ang e-Tutoring Hub ay ilulunsad kasama ang mga sesyon ng maaga na rekord na video sa pagtuturo na maaaring tingnan ng mga mag-aaral ang kanilang mga magulang anumang oras upang bumuo ng mga kasanayan sa karunungan bumasa't sumulat at pagbilang. Sa huling bahagi ng taong ito, palalawakin ng Alberta Education ang mga serbisyo sa online na pagtuturo upang masakop ang higit pang mga baitang at mga paksa, kabilang ang "live" na pagtuturo. Ang katugunan mula sa mga awtoridad ng paaralan, mga magulang at mga mag-aaral ay magsasabi ng mga paksa at mga pangangailangan para sa mga bagong sesyon ng pagtuturo.

Paglilipat sa pag-aaral sa bahay

Ang pamahalaan ay patuloy na makikipagtulungan sa mga awtoridad ng paaralan sa mga paglipat sa pag-aaral sa bahay, kung kinakailangan. Ang mga awtoridad ng paaralan ay patuloy na magkakaroon ng kakayahang umangkop upang ilipat ang isang klase o isang indibidwal na baitang sa panandaliang pag-aaral sa bahay kung kinakailangan upang matugunan ang mga hamon sa pagpapatakbo sa isang paaralan. Ang mga desisyon sa paglilipat ng buong paaralan o mga awtoridad ng paaralan sa pag-aaral sa bahay ay patuloy na gagawin ng pamahalaan ng Alberta, na may impormasyon mula sa mga awtoridad ng paaralan. Para sa parehong mga sitwasyon, isasaalang-alang ang mga bilang ng pagliban ng mag-aaral, ang kakayahan ng isang paaralan o awtoridad ng paaralan na magkaroon ng mga kawani na magagamit upang magpatakbo ng mga klase sa loob ng paaralan at iba pang nauugnay na impormasyon, kabilang ang lokal na data ng kalusugan, kung mayroon.

Mabilis na mga Katotohanan

- Parehong ipapamahagi ang mga kit ng mabilis na pagsusuri [rapid test] sa bahay at medikal na kalidad na maskara gamit ang isang yugtong pamamaraan, na may mga padala na ipinapadala sa mga paaralan habang tinatanggap ang mga ito ng lalawigan.
- Sa simula, ang mga kahon ng limang kit ng mabilis na pagsusuri sa bahay ay magbibigay ng sapat na panustos para sa bawat mag-aaral at miyembro ng kawani upang masuri nang dalawang beses bawat linggo sa loob ng 2.5 na linggo at isang

dalawang-linggong panustos na mga maskara para sa bawat mag-aaral at kawani ay ipapadala din. Ang isang medikal na kalidad na maskara ay nasubok na at nakakatugon sa mga internasyonal na pamantayan.

- Paglipat sa pag-aaral sa bahay:
 - Ang mga awtoridad na nagnanais na ilipat ang isang buong paaralan o awtoridad ng paaralan sa panandaliang pag-aaral sa bahay ay kailangang humiling ng pag-apruba mula sa Ministro
 - Ang mga pamantayan para sa pag-apruba ng isang paglipat ay ibabatay sa mga pangangailangan sa pagpapatakbo dahil sa mga pagliban ng mag-aaral at kawani, mga hakbang na nagawa na at lokal na data ng kalusugan, kung mayroon.
- Ang mga online na sesyon ng pagtuturo sa e-Tutoring Hub ay:
 - libre, na may walang limitasyong pag-akses para sa lahat ng mga mag-aaral, mga magulang, at kawani ng paaralan
 - hanggang 15 minuto ang haba para sa mga mas batang mag-aaral at hanggang 60 minuto para sa mga mas matatandang mag-aaral
 - iaalok na "live" sa araw ng pasukan, mga kahulian ng hapon at gabi upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at kanilang mga pamilya
 - idinisenyo at inihatid upang protektahan ang indibidwal na pagkapribado
 - magagamit 24-7 bilang nai-rekord na video
 - binuo ng mga sertipikadong guro ng Alberta na nagtatrabaho sa Alberta Education
- Sa panahon ng pandemya, ang mga awtoridad ng paaralan ay nagkaroon ng akses sa mahigit \$1 bilyon na pondo ng nagbabayad ng buwis para sa COVID-19. Kabilang dito ang \$120-milyon na pagtaas sa pagpopondo sa pagtatakbo para sa lahat ng mga awtoridad ng paaralan sa buong lalawigan sa 2020-21 na taon ng paaralan, \$250 milyon sa pagpapanatili ng pinabilis na kapital at muling pagbago na pagpopondo sa panahon ng taon ng paaralan 2020-21, pag-akses sa mga reserba ng lupon ng pinondo ng mga nagbabayad ng buwis, pati na rin ang \$130 milyon sa COVID-19 na pagpapagaang na pagpopondo para sa 2021-22 taon ng paaralan.
 - Ang mga reserbang nagpapatakbo ng awtoridad ng paaralan ay lumago ng \$80 milyon hanggang \$464 milyon noong Agosto 31, 2021, sa loob ng 2020-21 taon ng paaralan. Ang kabuuang mga reserbang kapital at pagpapatakbo ay nasa higit sa \$700 milyon.

Kaugnay na impormasyon

- [Pananatiling ligtas at malusog ngayong taon](#)

Kaugnay na impormasyon

- [Bakasyon sa taglamig ay pinahaba para sa mga mag-aaral ng K-12](#) (Disyembre 30, 2021)
- [Pagtulong sa mga mag-aaral na makahabol](#) (Oktubre 27, 2021)

Multimedia

- [Video: Mabilis na pagsusuri sa bahay](#)
- [Panoorin ang kumperensya ng balita](#)

Mga katanungan sa media

[Dylan Topal](#)

- 780-886-2912
Kalihim ng Press, Edukasyon